# NOEL GALON DE LEON

Nakatira at nagtatrabaho si Noel Galon de Leon bilang guro ng Filipino at Malikhaing Pagsulat sa Visayas. Siya ay nakabase sa Iloilo City kung saan siya ay miyembro ng fakulti ng UP Visayas. Nanalo ng premyo ang kaniyang mga tula sa 2018 Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Siya ay co-founder ng Iloilo Mega Book Fair, Magsugilanonay Kita: West Visayan Mother Tongue Children's Books Summit, at ang tagapagtatag ng Kasingkasing Press.

# ANG GINTUNAAN SANG MARAGTAS

Nakahibalo ang bata kon ano kamalahalon ang libro, amo nga sang masapwan nila ang gision nga libro nga naimpon sa ila ginakalkal nga botelya kag salsalon gilayon nila ini nga ginbululigan pahigad. *Amo sini gali kabug-at ang libro?* makatalanhaga nga muno sang bata sa kaupdanan. *Paano ayhan ini basahon, diin bala ini dapat suguran?* pamangkot sang isa ka bata nga nagalibog ang hunahuna. Sang matapos na nila pakilo-baligya ang nasupot nga kalakal, dululungan nga nagbalik ang mga bata sa duog kon sa diin nila gindasok-tago ang libro nga ila nasapwan kaina. *Wala na diri ang libro!* singgit sang bata agod mapahibalo sa mga kaupod. Nakibot ang tanan. Madamo sang bata ang nasubuan. Ang iban nga bata naakig. Matapos ang malawig nga kalinong, naglagting ang sensilyo sa garapon. Ginpalibot ang garapon sa bilog nga grupo. Nag-amot ang bug-os nga baryo. Kag sang mabuta ang garapon sang paglaum, dungan nga nagtindog kag tingub nga naglakat ang kabataan padulong sa isa ka tindahan—agud pangitaon ang nadula.

# ANG ALAMAT NG KASAYSAYAN

Alam ng mga bata kung gaano kahalaga ang libro, kaya nang makita nila ang gutay-gutay na librong katabi kinakalakal nilang bakal at bote ay agad nila itong pinagtulong-tulongang itabi. *Ganito pala kabigat ang libro ano?* pananalinghaga ng bata sa mga kasama. *Paano kaya ito basahin, saan dapat magsimula?* tanong ng isa pang bata na punong-puno ng pagtataka ang isip. Nang maipakilo-benta na nila ang naipong kalakal, sabay-sabay na bumalik ang mga bata sa lugar kung saan nila isiniksik-tago ang librong nakita kanina. *Wala na rito ang libro!* sigaw ng bata para ipaalam sa mga kasama. Nagulantang ang lahat. Maraming bata ang nalungkot. Ang ibang bata ay nagalit. Pagkatapos ng mahabang katahimikan, kumalansing ang barya mula sa isang garapon. Umikot ang garapon sa grupo. Nag-ambag ang buong barangay. At nang mapuno na ang garapon ng pag-asa, sabay-sabay na tumayo at naglakad ang mga bata patungo sa isang bilihan—hahanapin nila ang nawawala.